


7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Ang Dignidad ng Tao



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Ang Dignidad ng Tao**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Loida S. Pigon, Maricon M. Monteliola  
**Editor:** Loida S. Pigon, EdD, Irmanie A. Enrico  
**Tagasuri:** Irmanie A. Enrico, Loida S. Pigon, Ma. Luz N. Darjuan  
Ronilyn B. Conales, Cristy R. Temple, Elma C. Palen  
**Tagaguhit:** Khristine S. Lacsamana  
**Tagalapat:** Khristine S. Lacsamana, Edgardo D. Pamugas III  
Mario Johray V. Manongdo  
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas  
Atty. Suzzette T. Gannaban-Medina  
Susana M. Bautista  
Cynthia Eleanor G. Manalo  
Mariflor B. Musa  
Freddie Rey R. Ramirez  
Danilo C. Padilla  
Annabelle M. Marmol  
Domingo L. Mendoza, JR.  
Elmer P. Concepcion  
Loida S. Pigon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA**

Office Address: Meralco Ave. corner St. Paul Road Pasig City  
Telefax: (02) 631-4070; 637-3093  
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikalawang Markahan – Modyul 5:  
Ang Dignidad ng Tao**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Sa iyong pagmamasid sa iyong paligid, may mapapansin kang sitwasiyon kung saan higit na pinahahalagahan at iginagalang ang mayaman kaysa mahirap. Ito ba ay kawalan ng katarungan dahil kahit iba-iba ang katayuan sa buhay, pantay-pantay pa rin tayo bilang tao sa mata ng Diyos?

Ano ang taglay ng tao kung bakit dapat tratuhin ang bawat isa ng pantay-pantay at dapat nating mahalín ang kapwa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili?

Sa modyul na ito, mabibigyang-linaw ang konsepto ng dignidad ng tao at inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kasanayan, at pag-unawa:

1. Nakikilala na may dignidad ang bawat tao anoman ang kanyang kalagayang panlipunan, kulay, lahi, edukasyon, relihiyon at iba pa. (EsP7PT-IIg-8.1)
2. Nakabubuo ng mga paraan upang mahalín ang sarili at kapwa na may pagpapahalaga sa dignidad ng tao. (EsP7PT-IIg-8.2)
3. Napatutunayan na ang;
  - a. paggalang sa dignidad ng tao ay ang nagsisilbing daan upang mahalín ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili at
  - b. ang paggalang sa dignidad ng tao ay nagmumula sa pagiging pantay at magkapareho nilang tao. (EsP7PT-IIh-8.3)
4. Naisasagawa ang mga konkretong paraan upang ipakita ang paggalang at pagmamalasakit sa mga taong kapus-palad o higit na nangangailangan kaysa sa kanila. (EsP7PT-IIh-8.4)



## **Subukin**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Bakit may pagkakaiba-iba ang tao kahit matalino, talentado at magaling siya sa maraming bagay?
  - a. Dahil sa pagkakapantay-pantay ng lahat
  - b. Dahil sa paggamit ng isip at kilos-loob
  - c. Dahil sa kalayaang ipinagkaloob
  - d. Dahil sa pagiging angat sa iba
2. Ang tao ay may taglay na dignidad. Ano ang nararapat ibigay sa tao?
  - a. pagmamalasakit at pag-unawa
  - b. pagpapahalaga at paggalang
  - c. pagkalinga at paggalang
  - d. pagkilala at pagtulong
3. “Ang tao ay naiiba sa lahat ng nilalang, “ayon kay Immanuel Kant. Ano ang ibig sabihin nito?
  - a. Ang tao ay mayroong hindi nawawala at mapapantayang halaga dahil sa kanyang isip at kalayaan.
  - b. Ang tao ay may angking talento at galing.
  - c. Ang tao ay may kakayahang kumilos.
  - d. Ang tao ay mula sa iba’t ibang lahi.
4. “Kumilos ka nang palagian at magkaalinsabay mong tratuhin ang sariling pagkatao at ang pagkatao ng iyong kapuwa hindi lamang bilang isang kasangkapan kundi bilang isang *telos*”. Ano ang kaisipang nakapaloob sa pahayag?
  - a. Ang tao ay hindi maaring ituring na kasangkapan o bagay dahil siya ay may kakayahang mag-isip o pagiging rasyonal.
  - b. Ang tao ay nililintang ang pagkatao.
  - c. Ang tao ay nilikha ng Diyos.
  - d. Ang tao ay pantay-pantay.
5. Ang tao ay may isip na nagbibigay sa kaniya ng kakayahang umunawa ng konsepto, mangatuwiran at magmuni-muni. Dahil din sa taglay niyang kilos-loob, may kakayahan siyang kilalanin at piliin ang mabuti. “Kung ang mga ito lamang ang pamantayan sa paggalang at pagpapahalaga sa dignidad ng tao, paano naman ang mga taong isinilang na may sakit sa isip, mga nawalan ng katinuan dahil sa mga pangyayari sa kanilang buhay, mga ulyanin na hindi na makapag-isip?” Mahalagang tandaan na hindi naaalis o natatanggal ng mga pangyayaring ito sa kanilang buhay ang dignidad nila bilang tao. Kaya, hindi sila nawawalan ng karapatan na pahalagahan at igalang. Ano ang ipinabatid ng pahayag na ito?

- a. Lahat ng tao anoman ang kalagayang pisikal at mental ay may dignidad na nararapat pahalagahan at igalang.
  - b. Ang tao ay may isip at kilos-loob.
  - c. Ang tao ay may kilos-loob.
  - d. Ang tao ay may isip.
6. Ano ang batayan ng paggalang sa dignidad ng tao?
    - a. Maglaan ng panahon upang iparamdam sa malapit na kapwa ang pagmamahal at pagpapahalaga.
    - b. Maging tapat sa lahat ng ginagawa at sa pakikitungo sa kapwa.
    - c. Ang kakayahang mag-isip at pagiging malaya.
    - d. Ang pagkakaroon ng tao ng isip lamang.
  7. Ano ang nagsisilbing motibasyon upang umunlad ang pagkatao ng isang minamahal at nagmamahal?
    - a. Paggalang
    - b. Pagmamahal
    - c. Pagmamalasakit
    - d. Pagitiwala
  8. Bakit mahalaga ang paggalang sa dignidad ng kapuwa habang nabubuhay?
    - a. dahil ito ang inaasahan at makabubuti para sa sarili at kapwa.
    - b. dahil ito ang paraan upang maging matagumpay sa buhay.
    - c. upang maging mabuting halimbawa sa kapwa.
    - d. upang makilala sa lipunang ginagalawan.
  9. Ano ang itinuturing na pagiging moral?
    - a. Ito ay paggawa ng mabuting kilos ayon sa iyong konsensiya na nahuhubog sa Likas Batas Moral.
    - b. Ito ay pakikitungo sa kapwa ayon sa nais na gawin nilang pakikitungo sa iyo.
    - c. Ito ay pagsaalang-alang sa kapakanan ng kapwa bago kumilos.
    - d. Ito ay paggalang sa buhay ng kapwa.
  10. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng moral na pamumuhay?
    - a. Pagbibigay ng pagkain sa mga pulubi upang makita ng ibang tao.
    - b. Pagpuna sa pagkakamali ng anak sa harap ng mga kaibigan.
    - c. Pagbibigay tulong na may hinihintay na kapalit.
    - d. Pagtuturo ng kagandahang asal sa anak

## Aralin

# 1

# Ang Dignidad ng Tao



## *Balikan*

**Gawain: Kuwento ng Buhay**

**Panuto:**

1. Mangalap ng kuwento, maikling insidente o balita, o larawan na nagpapakita ng isang sitwasyon ng pagkakaroon ng kalayaan.
2. Lagyan ito ng maikling deskripsyon o *caption*.
3. Sagutin ang tanong na bilang isang kabataan, paano mo magagamit ang kalayaan na ipinagkaloob sa iyo?






## Tuklasin

### Gawain 1: “Web Map”

#### A. Panuto:

1. Gamit ang *web map*, bigyan ng kahulugan ang salitang “dignidad” sa pamamagitan ng pagguhit ng mga larawan, pagsulat ng mga salita o liriko ng awit na maaaring iugnay rito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.








2. Sagutin ang mga tanong sa kuwaderno.
  - a. Saan nagmula ang pagkaunawa mo sa salitang “dignidad”?
  - b. Sino-sino ang nagtataglay nito?
  - c. Ano-ano ang maaari mong gawin upang pangalagaan ang iyong dignidad at ng iyong kapuwa?

### Gawain 2: Pagsusuri ng Larawan

**B. Panuto:** Tunghayan ang mga larawan. Suriin ang bawat isa sa pamamagitan ng pagsagot sa hinihinging impormasyon ng titik a, b, at c. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

- a. Madalas na katawagan sa kaniya ng mga tao.
- b. Ang iyong damdamin kapag nakakikita ka ng mga tulad niya.
- c. Paraan ng pakikitungo sa kaniya ng mga tao.

<p>Halimbawa:</p> 	<p>a. Pulubi b. Naaawa c. Pinandidirihan, nilalayuan, iniawasan</p>
<p>1.</p> 	<p>a. b. c.</p>
<p>2.</p> 	<p>a. b. c.</p>
<p>3.</p> 	<p>a. b. c.</p>
<p>4.</p> 	<p>a. b. c.</p>

**Mga Tanong:**

Sagutin sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang iyong naging damdamin pagkatapos ng gawain?

---



---



---

2. Ano ang iyong natuklasan tungkol sa iyong sarili pagkatapos mong punan ang mga hinihinging impormasyon?

---

---

---

3. Bakit iba-iba ang iyong pakikitungo sa iba't ibang uri ng tao?

---

---

---

4. Paano makaaapekto sa kalagayan ng iba't ibang tao ang pagkakaiba ng pakikitungo mo sa kanila?

---

---

---



## ***Suriin***

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang talata. Pagkatapos, sagutin ang “Tayahin ang Iyong Pag-unawa”.

### **Ang Dignidad ng Tao**

Paanong nagiging pantay-pantay ang lahat ng tao kung tayo ay magkakaiba ng itsura, edad, kasarian, talento, kakayahan, at estado sa buhay? Ano nga ba ang batayan sa pagsasabi ng pahayag na ito?

Bagamat ang tao ay maraming hindi pagkakatulad sa kaniyang kapuwa, hindi ito nangangahulugan na nakaaangat siya sa huli. Halimbawa, magaling sa Math at Science ang iyong kaibigan. Sa kaniya ka humihingi ng paliwanag kung may hindi ka naiintindihan sa inyong klase. Maganda rin ang boses ng kaibigan mong ito at mahusay pa na *emcee* o Guro ng Palatuntunan. Kaya, siya lagi ang kinukuha na *emcee* ng mga guro sa tuwing may palatuntunan kayo sa Baitang 7. Ngunit kahit matalino, talentado at magaling siya sa maraming bagay, hindi ito nangangahulugang angat siya sa iyo at sa iba pa ninyong mga kamag-aral. Bakit? Ito ay dahil may pagkakaiba

Lahat ng tao, anuman ang kanilang gulang, anyo, antas ng kalinangan at kakayahan, ay may dignidad.

man ang bawat tao, hindi nito iniaalis ang pagkakapantay-pantay ng lahat. Paano nangyari ito? Saan nagmumula ang pagkakapantay-pantay ng tao? Ito ay mula sa kaniyang dignidad bilang tao at ang mga karapatan na dumadaloy mula rito.

Ano ang dignidad ng tao? Ang dignidad ay salitang *Latin* na *dignitas*, mula sa *dignus*, na ang ibig sabihin ay “karapat-dapat”. Ibig sabihin, dahil sa taglay niyang dignidad, karapat-dapat ang tao sa pagpapahalaga at paggalang ng kaniyang sarili at kapuwa. Hindi ito nagmula sa lipunan o pananaw ng tao dahil likas na taglay ito ng tao. Hindi ito nakabatay sa kaniyang kalagayan o estado, yaman, karangyaan sa buhay, taas ng inabot sa pag-aaral, relihiyon o lahing pinagmulan o posisyon sa organisasyon o pamahalaan. Lahat ng tao, anuman ang kanilang gulang, anyo, antas ng kalinangan at kakayahan, ay may dignidad. Kung hindi nakabatay ang dignidad ng tao sa kung anong mayroon siya, saan ito nakabatay?

Bawat tao ay may dignidad dahil sa kaniyang pagkatao. Ayon sa pilosopiya ni Sto. Tomas, nilikha ang tao na kawangis ng Diyos at pinagkalooban ng isip at kalayaan. Ayon naman sa pilosopong si Immanuel Kant, ang tao ay naiiba sa lahat ng nilalang. Ibig sabihin, mas mahalaga at mas magaling siya sa ibang nilalang. Mayroon siyang hindi nawawala at mapapantayang halaga dahil sa kaniyang kakayahang mag-isip at pagiging malaya. Ang isip, kilos-loob at kalayaan ang mga katangian ng pagkatao ng tao na tuon ng Modyul 5 at 7. Kaya karapat-dapat na igalang ang dignidad ng sarili at ng kapuwa.

Dahil sa dignidad ng tao, hindi siya dapat ituturing na kasangkapan lamang. Nakasaad ito sa pahayag na “Kumilos ka nang palagian at magkaalinsabay mong tratuhin ang sariling pagkatao at ang pagkatao ng iyong kapuwa hindi lamang bilang isang kasangkapan kundi bilang isang *telos* din.” Ang *telos* ay salitang Griyego na ang ibig sabihin ay *layunin*. Ibig sabihin, nakabatay ang pagka-layunin mismo ng tao sa kaniyang kakayahang mag-isip o pagiging rasyonal. Sa simpleng paliwanag, dahil sa kaniyang kakayahang mag-isip, hindi maaaring ituring na isang kasangkapan lamang o bagay ang tao. Balikan natin ang halimbawa tungkol sa kaibigan mo na magaling sa Math at Science. Kahit may mga pagkakataong hindi mo kailangan ang tulong niya dahil nauunawaan mo ang inyong talakayan, mahalaga pa rin siya dahil siya ay tao. Hindi nakabatay sa ginagawa niyang pagtulong sa iyo ang kaniyang halaga. Kaya, may kailangan ka man o wala sa kaniya, mahalaga pa rin siya. Dahil dito, hindi mo siya basta-basta na lang iniwan na parang isang kagamitan na pagkatapos gamitin ay itatabi na lamang. Lumalapit ka pa rin sa kaniya at nakikipag-usap kahit wala kang hihilingin na anumang tulong o pabor mula sa kaniya.

Dahil hindi isang bagay o kagamitan ang tao, inaasahang may paggalang ang pakikitungo mo sa kaniya - may kailangan ka man sa kaniya o wala. Kaya’t kapag may kailangan ka, nakikiusap ka nang maayos at malumanay. Iginagalang mo siya dahil pareho kayong may kakayahang mag-isip at may kalayaan.

Binanggit sa Modyul 1 na may mga katangian ang tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya kung ihahalintulad sa ibang nilalang. Ito ay dahil mayroon siyang isip na nagbibigay sa kaniya ng kakayahang umunawa ng konsepto, mangatuwiran at magmuni-muni. Dahil din sa taglay niyang kilos-loob, may kakayahan siyang kilalanin at piliin ang mabuti. Dahil sa kaniyang isip at kilos-loob, nalalaman at nagagawa niya ang karapat-dapat na kilos para sa kaniyang sarili at kapuwa. Marahil, nabubuo ngayon sa iyong isip ang tanong na “Kung ang mga ito lamang

ang pamantayan sa paggalang at pagpapahalaga sa dignidad ng tao, paano naman ang mga taong isinilang na may sakit sa isip, mga nawalan ng katinuan dahil sa mga pangyayari sa kanilang buhay, mga ulyanin na hindi na makapag-isip?” Mahalagang tandaan na hindi naaalís o natatanggal ng mga pangyayaring ito sa kanilang buhay ang dignidad nila bilang tao. Kaya, hindi sila nawawalan ng karapatan na pahalagahan at igalang.

Hindi lamang ang pagkakaroon ng isip ang tao (o pagiging rasyonal) ang batayan ng paggalang sa kaniyang dignidad. Ayon sa pilosopong si Max Scheler, mahalagang isaalang-alang ang kaniyang pagiging bukod-tangi. Ibig sabihin, ang pagkatao ng tao ay ang kaniyang pagka-persona (*person*), ang kaisahan ng kaniyang iba’t ibang kilos. Binubuo ito ng mga katangiang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa kapuwa niya tao – ang kaniyang pagka-ako na kumikilos sa iba’t ibang pagkilos. Ayon kay Dr Manuel Dy, sa lahat ng kilos ng tao, pinakapangunahin ang pagmamahal. Ibig sabihin, ito ang pinagbabatayan ng lahat ng kilos ng tao dahil lahat ng iba’t ibang pagkilos niya ay sa kahuli-hulihan nauuwi sa pagmamahal. Bakit ka nag-aaral? Bakit mo inaalagaan ang iyong kalusugan? Hindi ba dahil mahal mo ang magulang mo? Hindi ba dahil mahal mo ang iyong sarili?

Ang pagmamahal ay isang pagtungo sa isang umiiral na may halaga patungo sa mas mataas na halagang likas sa kaniya. Kaya sa pamamagitan ng pagmamahal umuunlad ang pagkatao ng minamahal at nagmamahal. Halimbawa, nakita mo na walang tiwala sa kaniyang sarili ang iyong kaibigan. Kaya, ginawa mo ang lahat upang tulungan siyang ihanda ang mga kailangan sa kaniyang pag-uulat sa inyong klase. Nagawa niya nang maayos ang kaniyang ulat. Pinalakpakan siya ng inyong mga kamag-aral at pinuri ng inyong guro. Ito ang simula ng pagkakaroon niya ng tiwala sa sarili.

Ang pagkabukod-tangi ang halaga ng tao sa kaniyang pagkatao. Wala siyang katulad sa buong kasaysayan at hindi na mauulit pa. Halimbawa, umalis ang pinsan mo upang magbakasyon sa lolo at lola ninyo sa probinsiya. Maaari mo bang sabihin sa kaniyang magulang na ikaw na muna ang papalit sa kaniya bilang anak nila?

Maaaring ihalintulad ang halaga ng tao sa isang diyamante. Ang diyamante ay isa sa pinakamahal na bato. Mahirap itong matagpuan at mahaba ang prosesong kailangan upang mabuo ito. Dahil dito, napakataas ng halaga na ibinibigay natin dito. Kung napakahalaga nito, paano pa ang tao? Hindi ba’t hindi mapapantayan ang kaniyang halaga dahil siya ay nag-iisa at walang katulad?

Dahil sa dignidad, lahat ay nabibigyan ng halaga at may karapatang mabuhay at umunlad ng hindi makasasakit sa ibang tao. Kaugnay nito, kailangan niyang makikipagkapuwa, pangigingbabawin ang paggalang at pakikipagkapatiran. Nakikita ang pagiging komunidad ng mga tao sa lipunang kinabibilangan sa pamamagitan ng paggawa ng kung ano ang makabubuti, hindi lamang para sa sarili kundi para sa lahat. Ano-ano ang maaari mong gawin upang maipakita ang pangangalaga sa dignidad mo at sa dignidad ng iyong kapuwa? Narito ang dalawang paraan:

Ang pagpananatili sa iyong dignidad ay ang pagkilala sa tunay na mahalaga. Ang tunay na mahalaga ay hindi ang panandalian kundi ang panghabambuhay at ang panghabambuhay ay walang iba kundi ang pagmamahal.

1. Pahalagahan mo ang tao bilang tao. Ibig sabihin, nararapat na hindi mo ituring ang tao na isang bagay o behikulo lamang na gagamitin sa pagsasakatuparan ng iyong pansariling layunin. Lalong hindi makatao kung igagalang mo lamang siya dahil nagtataglay siya ng mga katangiang mapakikinabangan mo. Halimbawa, malaki ang posibilidad na hindi mo na magiging guro sa Baitang 8 ang guro mo ngayon sa Edukasyon sa Pagpapakatao 7. Hindi mo na ba siya igagalang at babatiin ng “Magandang umaga po, Ma’am” kapag nasa Baitang 8 ka na? Mahalagang tandaan na hindi nawawala ang pagiging tao at dangal ng isang tao kung siya ay hindi na kapaki-pakinabang sa iyo.
2. Igalang mo ang dignidad ng kapuwa habang ikaw ay nabubuhay. Inaasahan sa iyo na patuloy mong isaalang-alang at nanaisin ang lahat ng makabubuti para sa iyong sarili at kapuwa habang ikaw ay may buhay dahil ang dignidad ay hindi natatapos. Hindi ito nakadepende sa damdamin o pangyayari.

Naipakikita sa iyong kilos ang pagmamahal at napananatili ng iyong mapagmahal na kilos ang dignidad mo bilang tao. Kaya mahalaga na naglalaan ka ng panahon na suriin ang iyong mga kilos upang makita kung hindi ba pinapababa ng mga ito ang iyong dignidad. Paano mo mapananatili ang iyong dignidad at maiwasan ang pagpapababa nito? May kaugnayan ito sa pagiging moral mo na tao. Ang pagiging moral ay ang paggawa ng mabuting kilos ayon sa iyong konsensiya na nahuhubog sa Likas na Batas Moral. Bakit kailangan mong maging moral na tao? Sa pagiging moral, napananatili ang kaayusan ng pamayanan na iyong kinabibilangan at naiingatan ang karapatan ng bawat isa tungo sa tunay na kalayaan. Ayon kay Confucius, nangangahulugan ito na ang pagpapapaunlad mo sa iyong sarili ay hindi para sa iyong sarili lamang kundi para sa pagkakaisa ng lahat: mula sa iyong sarili patungo sa iyong pamilya, sa bansa at sa buong mundo. Ang moral na pamumuhay kung gayon ay ang pagsasagawa mo ng iyong mga obligasyon sa iyong pamilya, sa paaralan, sa pamayanan, sa lipunan at sa mundo. Sa madaling salita, ang pagpananatili sa iyong dignidad ay ang pagkilala sa tunay na mahalaga. Ang tunay na mahalaga ay hindi ang panandalian kundi ang panghabambuhay at ang panghabambuhay ay walang iba kundi ang pagmamahal.

Ang pagsisikap na magkaroon ng moral na pamumuhay ay ang pagsisikap na mamuhay na nagmamahal na walang kondisyon - walang hinihintay na kapalit. Maaaring may mga pagkakataon na gusto mo nang sumukong magmahal at maging moral na tao lalo na kung nakikita mo na parang walang nangyayari sa iyong ginagawang pagsisikap para sa iyong sarili at sa kapuwa. Nakapapagod nga naman ang ganitong sitwasyon lalo na kung wala kang kasama, walang masasandalan, wala man lang nakakapansin o nabu-*bully* ka lang sa iyong pagsisikap. Pero alam mo ba? Ang totoo, may iisang nakakakita sa iyo at labis na natutuwa sa iyong pagpagsisikap na magmahal at maging moral na tao- may Diyos na laging nakatingin sa bawat isa sa atin.

Kung mahalaga sa Diyos ang lahat ng ating pagsisikap na gumawa ng mabuti, lalo nating kailangang pagtibayin ang paggalang sa dignidad ng ating sarili at kapuwa. Mahalaga ang lubos na pag-unawa sa mga konseptong tinalakay upang maiwasan ang iba’t ibang uri ng kawalan ng pagpapahalaga sa kapuwa. Kailangan mong simulanan ang pagpapahalagang ito sa iyong sarili upang mas madali mong mailapat ito sa iyong kapuwa – sa pamilya, paaralan o pamayanan. Kailangan mo

ang tulong at gabay ng Diyos at mga taong may moral na pamumuhay upang maisagawa ito.

Walang kinakailangang edad para sa paggalang sa dignidad ng tao. Lahat tayo, bata man o matanda ay inaasahang ginagawa ito. Ano ang tugon mo bilang isang kabataang Pilipino, sa inaasahang ito sa iyo? Paano mo sisimulan ang pagtataya ng iyong sarili sa paggalang sa iyong dignidad at ng iyong kapuwa sa kabila ng mga balakid?

### **Mga Tanong**

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. May dignidad ba ang lahat ng tao? Patunayan.

---

---

2. Sa anong aspekto hindi nakabatay ang dignidad ng tao? Ipaliwanag.

---

---

3. Sang-ayon ka ba kay Immanuel Kant na ang tao ay nakaaangat sa lahat ng nilikha? Pangatwiran.

---

---

4. Sa paanong paraan nagkakapantay-pantay ang lahat ng tao? Ipaliwanag.

---

---

5. Saan nakabatay ang pagkabukod-tangi ng tao ayon kay Max Scheler? Ipaliwanag.

---

---

6. Bakit itinuturing na pangunahing kilos ng tao ang pagmamahal? Ipaliwanag.


---

---

7. Bakit mahalaga ang paggalang sa dignidad ng sarili at kapuwa?

---

---



## ***Pagyamanin***

**Gawain: Suriin ang Sitwasyon.**

**Panuto:**

1. Basahin mabuti ang mga sitwasyon sa ibaba.
2. Suriin kung ang mga tao sa bawat sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang o hindi paggalang sa dignidad ng sarili at kapuwa.

*Sitwasyon 1.* Nagmula si Julius sa isang mayamang pamilya. Gayonpaman, inaatasan pa rin siya ng kaniyang magulang na tumulong sa gawaing-bahay kahit sila ay may mga kasambahay. Sa kaniyang libreng oras, tumutulong siya sa paglilinis ng kuwarto, pagluluto at pag-aalaga ng kanilang aso. Sa oras ng pagkain, inaanyayahan niyang sumabay sa kaniya ang mga kasambahay.

*Sitwasyon 2.* Habang namamasyal sa parke si Mark, isang lalaking may kapansanan ang hindi inaasahang natumba. Nahulog ang kaniyang mga dalang gamit. Agad na lumapit si Mark upang tulungang makatayo ang lalaki. Pinulot at nilinis din niya ang mga nalaglag na gamit. Inalalayan niya ito sa pinakamalapit na upuan at binilihan pa ng maiinom na tubig.

*Situwasyon 3.* Tunay na nangyari ang sitwasyong ito sa isang sikat na *network* ng telebisyon.: Isang tanyag at iginagalang na *field news reporter* si Alvin. Sa isang programang pantelebisyon, naatasan siyang magpanggap bilang pulubi o *taong grasa*. Gagawan niya ito ng dokumentaryo at susubukan ang kakayahan ng mga tao na tumulong at magmalasakit sa kapuwa. Nang magpalit-anyo si Alvin, ang mga dating pagbati at papuri sa kaniya bilang kagalang-galang na *news reporter* ay napalitan ng pag-iwas at walang galang na pagtaboy.



*Situwasyon 4.* Isa sa mga pinakasikat na manlalaro ng *basketball* si Mikey sa kanilang paaralan. Isang araw habang siya ay naglalakad papunta sa *locker* sa kanilang *gym*, hindi sinasadyang nabangga siya ng isang lalaki. Napagtanto niya na ito ay isa sa mga manlalaro ng nakalaban nilang koponan ng *basketball*. Sa kasamaang-palad, natalo sila sa larong iyon. Sa inis niya, sinigawan at hinamon niya ng suntukan ang lalaki.

*Situwasyon 5.* Na-promote si Eric bilang *department head* sa kompanyang pinagtatrabahuhan niya. Dahil ito sa kaniyang sipag at tiyaga noong ordinaryong empleyado pa lamang siya. Naalala niya na noong siya'y nagsisimula pa lamang, madalas siyang mapagsabihan at mapagalitan ng kaniyang *boss*. Ito ang ginamit niyang motibasyon upang paunlarin ang sarili at higit na magsumikap. Tiniis niya ang paghihigpit ng kaniyang *boss*. Ngayon ay *retired na ito* at namumuhay na lamang nang simple. Nabalitaan nito ang kaniyang *promotion* at agad na nagpadala ito ng pagbati sa kaniya sa *text message* at *e-mail*. Pinili ni Eric na hindi ito sagutin o magpasalamat man lamang. Naisip niyang hindi na niya ito kailangan dahil nakuha na niya ang hinahangad na posisyon.

*Situwasyon 6.* Sa *house blessing* ng pamilyang Abuela, dumalo ang isang kamag-anak na lumaki, nagtagumpay at yumaman sa ibang bansa. Agad ipinakilala siya ng maybahay ng pamilya sa kaniyang mga kapatid na nakaaangat na rin sa buhay. Ngunit nang dumating si Enteng, ang kaniyang kapatid na nanatiling mahirap, binati lamang niya ito ngunit hindi ipinakilala sa mayamang kamag-anak.

4. Punan ang tsart sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Sitwasyon	Nagpakita ng Paggalang sa Dignidad				Paliwanag	Ano ang maaaring gawin upang maipakita ang paggalang sa dignidad ng tao? (Kung “Hindi” ang sagot sa ikalawang kolum)
	Ng Sarili		Ng Kapwa			
	Oo	Hindi	Oo	Hindi		
1						
2						
3						
4						
5						
6						

**Mga Tanong:** Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kwaderno.

1. Ano-anong sitwasyon ang nagpakita ng paggalang sa dignidad ng sarili at kapwa?
2. Ano-ano namang sitwasyon ang nagpakita ng hindi paggalang sa dignidad ng sarili at kapuwa? Patunayan ang iyong sagot.
3. Kung ikaw ang nasa katayuan ng iyong kapuwa, ano ang magiging damdamin mo kung hindi iginagalang ang iyong dignidad? Ipaliwanag.
4. Bakit kailangang igalang mo ang dignidad mo at ng iyong kapuwa?
5. Bakit mahalagang makatanggap ka ng paggalang mula sa iyong kapuwa?




## **Isaisip**


### **Gawain: Dugtong - Kaalaman**

**Panuto:** Ano ang iyong naunawaang Batayang Konsepto ng aralin? Buoin ito gamit ang graphic organizer sa ibaba. Gabay mo ang Mahalagang Tanong na:

**Bakit mahalaga ang paggalang sa dignidad ng tao?**



**Isulat sa loob ng kahon ang nabuong Batayang Konsepto.**



## Isagawa

### Gawain: Pagpapanatili ng Aking Dignidad

#### A. Panuto:

1. Gumawa ng mapanagutang pagpapasiya sa pagpapanatili ng dignidad ng sarili at sa pag-iwas ng pagpapababa nito sa pagsisikap na magiging moral at mapagmahal na tao.
2. Suriin ang sarili sa mga nakasanayang kilos o pananalita na nagpapanatili ng iyong dignidad bilang tao upang gumawa ng mga paraan kung paano mo ipagpapatuloy ang mga ito. Suriin din ang sarili sa iyong mga nakasanayang kilos o pananalita na nagpapababa ng iyong dignidad upang gumawa ng mga paraan kung paano mo ihihinto ang mga ito.
3. Gamitin mong gabay ang tsart sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

#### Pagpapanatili ng Aking Dignidad

Mga Nakasanayan Kong Kilos o Pananalita na Ipagpapatuloy ko	Dahilan ng Aking Pasiya	Mga Paraang Gagamitin Ko sa Pagpapatuloy ng mga Ito
Halimbawa: 1. Kusa kong nilalabhan ang aking mga uniporme at hindi ko na hihintaying utusan ng aking ina.	1. Masasanay akong maging responsable sa mga gawaing bahay upang hindi mapagod ang aking ina sa kakasabi sa akin.	1. Lalabhan ko lagi ang aking uniporme kapag nakapahinga na ako mula sa paaralan.
2. Pagsasabi ng "Salamat" sa <i>driver</i> ng <i>jeep</i> bago ako bumaba.	2. Maipakikita ko na pinapahalagahan ko ang kaniyang ginawang paghatid sa akin sa paaralan.	2. Sasabihin ko ito sa lahat ng mga <i>driver</i> ng <i>jeep</i> na masasakyan ko.
Ikaw naman:		

**B. Panuto:**

1. Gumawa ng tsart ng paggalang sa dignidad.
2. Sumulat ng mga kilos na pagsisikapan mong gawin sa buong linggo upang masanay ka at mapatibay ang paggalang mo sa dignidad ng sarili at kapuwa.
3. Lagyan ng tsek ang araw kung saan nagtagumpay ka sa pasasagawa ng nasabing kilos at ekis naman kung hindi.

Tsart ng Paggalang sa Dignidad

Mga kilos ng paggalang sa dignidad ng sarili	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
A. Sa Sarili Halimbawa: 1. Magsuot ng disenteng damit	✓	✓	x	x	✓	✓	✓
2.							
3.							
4.							
5.							
B. Sa Kapuwa 1. Pagsasabi sa kaklase ng mga paalalang humihikayat na magsumikap ( <i>words of encouragement</i> )	✓	✓	x	✓	✓	x	x
2.							
3.							
4.							
5.							




## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang tao ay may taglay na dignidad. Ano ang nararapat ibigay sa tao?
  - a. pagmamalasakit at pag-unawa
  - b. pagpapahalaga at paggalang
  - c. pagkalinga at paggalang
  - d. pagkilala at pagtulong
2. “Ang tao ay naiiba sa lahat ng nilalang”, ayon kay Immanuel Kant. Ano ang ibig sabihin nito?
  - a. Ang tao ay mayroong hindi nawawala at mapapantayang halaga dahil sa kanyang isip at kalayaan.
  - b. Ang tao ay may angking talento at galing.
  - c. Ang tao ay may kakayahang kumilos.
  - d. Ang tao ay mula sa iba’t ibang lahi.
3. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng moral na pamumuhay?
  - a. Pagbibigay ng pagkain sa mga pulubi upang makita ng ibang tao.
  - b. Pagpuna sa pagkakamali ng anak sa harap ng mga kaibigan.
  - c. Pagbibigay tulong na may hinihintay na kapalit.
  - d. Pagtuturo ng kagandahang asal sa anak
4. “Kumilos ka nang palagian at magkaalinsabay mong tratuhin ang sariling pagkatao at ang pagkatao ng iyong kapuwa hindi lamang bilang isang kasangkapan kundi bilang isang *telos*”. Ano ang kaisipang nakapaloob sa pahayag?
  - a. Ang tao ay hindi maaring ituring na kasangkapan o bagay dahil siya ay may kakayahang mag-isip o pagiging rasyonal.
  - b. Ang tao ay nililinang ang pagkatao.
  - c. Ang tao ay nilikha ng Diyos.
  - d. Ang tao ay pantay-pantay.
5. Ang tao ay may isip na nagbibigay sa kaniya ng kakayahang umunawa ng konsepto, mangatuwiran at magmuni-muni. Dahil din sa taglay niyang kilos-loob, may kakayahan siyang kilalanin at piliin ang mabuti. “Kung ang mga ito lamang ang pamantayan sa paggalang at pagpapahalaga sa dignidad ng tao, paano naman ang mga taong isinilang na may sakit sa isip, mga nawalan ng katinuan dahil sa mga pangyayari sa kanilang buhay, mga ulyanin na hindi na makapag-isip?” Mahalagang tandaan na hindi naaalis o natatanggal ng mga pangyayaring ito sa kanilang buhay ang dignidad nila bilang tao. Kaya, hindi sila nawawalan ng karapatan na pahalagahan at igalang. Ano ang ipinabatid ng pahayag na ito?

- a. Lahat ng tao anoman ang kalagayang pisikal at mental ay may dignidad na nararapat pahalagahan at igalang.
  - b. Ang tao ay may isip at kilos-loob.
  - c. Ang tao ay may kilos-loob.
  - d. Ang tao ay may isip.
6. Ano ang batayan ng paggalang sa dignidad ng tao?
    - a. Maglaan ng panahon upang iparamdam sa malapit na kapwa ang pagmamahal at pagpapahalaga.
    - b. Maging tapat sa lahat ng ginagawa at sa pakikitungo sa kapwa.
    - c. Ang kakayahang mag-isip at pagiging malaya.
    - d. Ang pagkakaroon ng tao ng isip lamang.
  7. Bakit may pagkakaiba-iba ang tao kahit matalino, talentado at magaling siya sa maraming bagay?
    - a. Dahil sa pagkakapantay-pantay ng lahat
    - b. Dahil sa paggamit ng isip at kilos-loob
    - c. Dahil sa kalayaang ipinagkaloob
    - d. Dahil sa pagiging angat sa iba
  8. Ano ang nagsisilbing motibasyon upang umunlad ang pagkatao ng isang minamahal at nagmamahal?
    - a. Paggalang
    - b. Pagmamahal
    - c. Pagmamalasakit
    - d. Pagtitiwala
  9. Bakit mahalaga ang paggalang sa dignidad ng kapuwa habang nabubuhay?
    - a. dahil ito ang inaasahan at makabubuti para sa sarili at kapwa.
    - b. dahil ito ang paraan upang maging matagumpay sa buhay.
    - c. upang maging mabuting halimbawa sa kapwa.
    - d. upang makilala sa lipunang ginagalawan.
  10. Ano ang itinuturing na pagiging moral?
    - a. Ito ay paggawa ng mabuting kilos ayon sa iyong konsensiya na nahuhubog sa Likas Batas Moral.
    - b. Ito ay pakikitungo sa kapwa ayon sa nais na gawin nilang pakikitungo sa iyo.
    - c. Ito ay pagsaalang-alang sa kapakanan ng kapwa bago kumilos.
    - d. Ito ay paggalang sa buhay ng kapwa.



## Karagdagang Gawain

### Gawain A: Pagkalinga sa Kapuwa

**A. Panuto:** Ngayong nauunawaan mo na ang kahalagahan ng paggalang sa dignidad ng sarili at kapuwa, pagkakataon mo na upang ipadama ang iyong pagmamahal at pagmamamasakit para sa kapus-palad na kapuwa na nangangailangan ng iyong pagkalinga.

1. Maaaring pumili mula sa sumusunod kung sino ang kapus-palad na kapuwa sa inyong pamayanan ang nangangailangan ng inyong paggalang at pagmamalasakit.

a. Mga nawalan ng hanapbuhay o pinagkakakitaan dahil sa pandemya o kalamidad	e. Kamag-aral o kaibigan na nahinto ng pag-aaral dahil nalulong sa droga, alak o paglalaro ng <i>computer</i> .
b. Mga matandang kapitbahay na nag-iisa, walang kumakalinga o nasa <i>Home for the Aged</i>	f. Maysakit na kapitbahay o nasa ospital dahil sa Covid 19
c. Mga katutubo	g. Pamilyang walang tirahan
d. Mga batang inabandona ng tatay o nanay	h. Kabataan na maagang nag-asawa o nabuntis

2. Tandaan na kailangang may magulang o nakatatanda lalo na sa pagbisita sa mga delikadong lugar. Sundin ang health protocols sa gagawing pagbisita/pagtulong upang matiyak na maipakita ang paggalang sa dignidad ng kapuwang binibisita at tinulungan at maipadama ang pagmamahal.
3. Kumuha ng detalye ng mga impormasyong kailangan tungkol sa sitwasyon ng inyong napiling tao/mga tao upang matukoy kung ano talaga ang pangangailangan niya/nila na maaari ninyong tugunan ayon sa inyong kakayahan bilang kabataan.
4. Magtala ng mga konkretong paraan na kinakailangang pagtugon sa inyong gagawin. Isa-isahin ang mga ito ayon sa kaangkupan sa pangangailangan ng taong bibisitahin/tutulungan.
5. Ilista ang mga bagay na kailangang dalhin.
6. Idokumentaryo ang lahat ng mga detalye ng gawain.
7. Gumawa ng ebalwasyon pagkatapos ng kabuoang gawain upang maisapuso at maisaisip ang mga natutuhan mula rito.



**Gawain B: Pagninilay**

**Panuto:** Sumulat ng pagninilay sa iyong *journal* tungkol sa:

1. Ano-ano ang mga konseptong pumukaw sa akin? Bakit?

---

---


---

2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

---

---

---



## Susi sa Pagwawasto

<b>Isaisip</b>	
1.	dignidad
2.	mahalin
3.	kapwa
4.	pagmamahal
5.	sarili

<b>Tayahin</b>		
<b>Paksa</b>	<b>Kasanayan</b>	<b>Sagot</b>
1. Ang Pagmamahal	Pag-unawa	B
2. Dignidad	Kaalaman	D
3. Moral na Kilos	Pag-unawa	D
4. Dignidad	Ebalwasyon	C
5. Katangian ng tao	Pagbuuo	A
6. Paraan ng Pangangalaga sa Dignidad	Ebalwasyon	B
7. Moral na Kilos	Pag-unawa	A
8. Dignidad	Pagbuuo	A
9. Pilosopiya Tungkol sa Dignidad	Pagsusuri	B
10. Katangian ng tao	Pagbuuo	C

<b>Subukin</b>		
<b>Paksa</b>	<b>Kasanayan</b>	<b>Sagot</b>
1. Dignidad	Kaalaman	A
2. Dignidad	Ebalwasyon	B
3. Pilosopiya Tungkol sa Dignidad	Pagsusuri	D
4. Dignidad	Pagbuuo	C
5. Katangian ng tao	Pagbuuo	A
6. Katangian ng tao	Pagbuuo	B
7. Ang Pagmamahal	Pag-unawa	A
8. Paraan ng Pangangalaga sa Dignidad	Ebalwasyon	B
9. Moral na Kilos	Pag-unawa	C
10. Moral na Kilos	Pagsusuri	D

## ***Sanggunian***

Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7. Modyul Para sa Mag-aaral. Pasig City: Kagawaran ng Edukasyon, 2017.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)